## ACTIVITY

A. Gumawa ng comic strip. Iguhit ang mga pangyayari sa kuwento. Gamitin ang mga pangungusap sa bawat panel upang malaman kung ano ang iguguhit sa box.

| | | |
|---|---|---|
| Nilagay ng Diyos sina Adan at Eba sa hardin. | Makakain nila ang kahit anong bunga maliban sa bunga ng puno na nasa gitna ng hardin. | Sinabi ng ahas kay Eba na hindi totoo ang sinabi ng Diyos. |
| Kinain ni Eba ang prutas at binigyan din niya si Adan. | Nagtago sila Adan at Eba nang marinig ang yabag ng Diyos. | Pinaalis ng Diyos sila Adan at Eba sa hardin. |

B. Bilugan ang Tama kung ang pangungusap ay totoo at Mali naman kung ito ay hindi totoo. Kung ang pangungusap ay mali, guhitan ang (mga) salita na nagpamali dito.

1. Nilagay ng Diyos ang tao hardin upang ito ay alagaan at pagyamanin. **TAMA** **MALI**
2. Maaari nilang kainin ang lahat ng bunga maging sa bunga ng puno na nasa gitna ng hardin. **TAMA** **MALI**
3. Hahaba ang buhay nila kapag kanilang kinain ang bunga na ipinagbawal ng Diyos. **TAMA** **MALI**
4. Ang ahas lamang ang pinarusahan ng Diyos sa kuwento. **TAMA** **MALI**
5. Hindi nagkatotoo ang sinabi ng Diyos matapos nilang kainin ang bungang ipinagbabawal. **TAMA** **MALI**

Ang tao ay pinagkalooban ng kalayaang pumili ngunit ang kalayaang ito ay sakop pa rin ng kapangyarihan ng Diyos. Ibig sabihin may kalayaan tayong mamili kung makikinig tayo o susuway sa sinabi ng Diyos. Kakabit ng kalayaang ito ay ang kahihinatnan (consequence) ng ating pipiliin, mabuti o masama.



C. Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

- Ano ang sinabi ng ahas na salungat sa sinabi ng Diyos?

  ______________________________________________

- Bakit naisip ni Eba na pumitas at kumain ng bungang ipinagbabawal?

  ______________________________________________

  ______________________________________________

- Ano ang kinahinatnan (naging consequence) ng pagsuway nila Adan at Eba sa sinabi ng Diyos?

  ______________________________________________

  ______________________________________________

- Magbigay ng 2 bagay na natutuhan mo sa kuwentong ito.

  ______________________________________________________________

  ______________________________________________________________

Sinabi ng Diyos na kapag kinain nila ang bunga na Kanyang ipinagbabawal, sila ay mamamatay. Matapos kainin nila Adan at Eba ang bunga hindi nila agad naranasan ang kamatayang physical ngunit dumating ang panahon na sila nga ay namatay. Ang kamatayang kanilang naranasan agad sa pagkakataong iyon ay ang espiritwal na kamatayan. Ang kamatayang ito ay ang paghihiwalay ng Espiritu ng Diyos sa tao. Ibig sabihin kung dati-rati ay malaya nilang nakakasama at nakakausap ang Diyos, ito ay hindi na naging possible. Nagkaroon na ng hadlang sa pagitan ng Diyos at ng tao at ito ay ang kasalanan. Kaya't ipinadala ng Diyos ang Kanyang bugtong na Anak na si Jesus upang sa pamamaagitan Niya tayo ay muling makalapit sa Ama.



D. Basahin ang sitwasyon at sagutin ang mga tanong sa huli.

Nagkamustahan ang pamilya Santos habang sila ay naghahapunan. Kanya-kanya namang bidahan ang magkakapatid sa kanilang mga magulang.

Rhea: Naka-perfect ako sa quiz namin kanina sa Filipino 'tay.

Kim: Eh kanina ako lang ang nakasagot sa mahirap na tanong ni Ms. Gina.

Carlo: Mas magaling ako sa inyo kasi ako hindi ako nagrereview pero nakakakuha ako ng perfect score.

Tatay Philip: Masaya kami ng nanay ninyo at pinagbubuti ninyo ang pag-aaral ninyo. Pagbutihan ninyong maige para maging maganda ang inyong kinabukasan. Huwag kalimutan mag-aral at gumawa ng homework matapos kumain.

Mga anak: Opo 'tay!

Matapos tumulong sa pagliligpit, isa-isa nang pumasok ng kuwarto ang magkakapatid. Makikita na sina Rhea at Kim ay nagsimula nang gawin ang kanilang mga gawain sa school habang si Carlo ay abalang naglalaro ng online game. Pag-sapit ng oras ng kanilang pagtulog, nahiga na ang magkakapatid ngunit si Carlo ay patuloy na naglaro. Hindi niya pinansin ang paalala ni tatay.

Mga tanong:

- Si Carlo ay may test kinabukasan, ano ang mangyayari sa kanya kung hindi siya nakapag-aral?

  ______________________________________________________________

  ______________________________________________________________

- Kung nakinig si Carlo sa paalala ng tatay ay nag-aral siya ano ang mangyayari sa kanya?

  ______________________________________________________________

  ______________________________________________________________

- Kung ikaw si Carlo ano ang gagawin mo?

  ______________________________________________________________

  Bakit mo gagawin ito?

  ______________________________________________________________

E. Memory Verse

Matakot ka sa Diyos at sundin mo ang Kanyang mga utos sapagkat ito ang buong katungkulan ng tao. Lahat ng gawin natin, hayag man o lihim, mabuti o masama ay ipagsusulit natin sa Diyos. **Ecclesiastes 12:13&14**